



## MGA SUSI SA PAGKAKAISA NG PAMILYA

Liksiyon 7 para sa ika-18 ng Mayo, 2019

INILUKO. Naniniwala ka ba na ang pamilya ang pangunahing bahagi ng pamayanan? Kung oo, kapag ang pamilya ay nawawasak gayun din naman ang isang bansa. Naniniwala ka ba na ang ating bansa ay nawawasak? Ang “susi” ay isang bagay na makakapagbukas ng pintuan o sekreto. Kaya buksan natin ang ating mga Bibliya upang ating malaman ang mga susi na makakapagbukas ng mga sekreto ng pagkakaisa ng isang pamilya.

### A JESUS

- ❖ Ang pamumuhay kay Kristo ay nagdadala ng praktikal na pagbabago sa buhay natin (Roma 6:22; 2 Corinto 5:17).
- ❖ **Nais ng Dios na biyayaan ang bawat pamilya. Paano tayo maging mas handa sa pagtanggap nito?**
- ❖ Habang lumalapit tayo kay Jesus, lumalapit din tayo sa isa’t-isa.
- ❖ Kung si Jesus ang centro ng puso ng bawat isa, may pagkaka-isa ang mag-asawa, mag-ama o mag-ina, at magkakapatid

### B PAG-IBIG

- ❖ **Ang pag-ibig ng tao ay di-sapat. Paano mapupunuan ng pag-ibig ng Dios ang ating pamilya?**
- ❖ Ang salitang Griyego na ágape ay ginamit sa Bagong Tipan para sa pag-ibig ng Dios at ang pag-ibig na dapat natin ipakita sa isa’t-isa.
- ❖ Ang uri nito ay mas mataas sa pisikal o filial nap ag-ibig. Kaloob ito mula sa Banal na Espiritu (Roma 5:5)
- ❖ **Ihambing ang iyong ugali sa kahulugan ng ágape sa 1 Corinto 13:4-7. Anu-anong mga pagbabago ang kailangan sa buhay mo?**

### C KAPAKUMBABAAN

- ❖ Dahil sa kasalanan, naging likas na bahagi na ng tao ang pagkamakasariili. Kaya, hinikayat tayo ni Pablo na gayahin ang halimbawa ng pagpapakumbaba ni Kristo.
- ❖ **Magbahagi ng kwento (mula sa bibliya o personal) kung paanong ang pagiging makasarili ay nakasira ng pamilya.**

### D PAGPAPASAKOP

- ❖ Ang mga umiibig sa Dios ay tinawagang magpasakop sa isa’t-isa. Nagtakda ng tatlong halimbawa ng pagpapasakop si Pablo:
  - Magpasakop ang mga asawang babae sa kanilang asawang lalaki. Efeso 5:22.
  - Magpasakop ang mga anak sa kanilang magulang. Efeso 6:1.
  - Magpasakop ang mga alipin sa kanilang amo. Efeso 6:5.
- ❖ Ang mga iyon ay inaasahan na sa panahon nila. Kaya, **anong naiiba sa payo ni Pablo? Paano natin tatanggapin iyon sa panahon natin?**
- ❖ Una, ang pagpapasakop kay Kristo ay tugunan. Ikalawa, may mga kondisyon sa mga naunang halimbawa ng pagpapasakop:
  - Kailangang kumilos ang mga asawang lalaki gaya ni Kristo. Efeso 5:25-33.
  - Hindi dapat inisin ng mga magulang ang kanilang anak. Efeso 6:4.
  - Hindi dapat pagbantaan ng mga amo ang kanilang mga alipin. Efeso 6:9.

### E PAGTATALAGA

- ❖ **Bakit mahalaga ang pagtupad sa pangako sa pagkakaisa ng pamilya**
- ❖ **Anu-ano ang mga dahilan kung bakit hindi natutupad ang mga pangako ng mga miembro ng pamilya?**
- ❖ Ang kakulangan sa pagtatalaga ang dahilan ng mga problema at pagkakabahagi (tingnan ang kwento ni Jose at mga kapatid niya).
- ❖ Ang matibay na pagtatalaga ay naglilikha ng matatag at tumatagal na bigkis sa pamilya (tingnan ang kwento ni Naomi at Ruth).

**PASYA:** Kaibigan, nakita mo ba na ang mga prinsipyo na ating natutunan tungkol sa pagkakaisa ng pamilya ay napatunayan na totoo sa buhay ni Ruth? Bakit hindi mo hilingin ngayon ang Banal na Espiritu na tulungan ka na mahubog sa iyo ang mga prinsipyong ito, pagtatalaga at hindi makasarili.